ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

I-EKSPRES APP BILANG KAGAMITANG PANTURO AT KASANAYAN SA PAGGAMIT NG BANTAS SA PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL

Danystelle Hugo Ricafort
Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagbuo ng kagamitang panturo sa Filipino upang mapaunlad ang kasanayan at pagganap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas sa wikang Filipino. Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang antas ng i-ekpres app bilang kagamitang panturo at ang antas ng kasanayan sa paggamit ng bantas. Ninais ding malaman ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral.

Deskriptibong paraan ang ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito. Ang i-ekpres app ay binuo at ipinagamit ng mananaliksik sa mga napiling tagatugon mula sa mga mag-aaral ng ika-8 baitang ng Paaralang Sekundarya ng Lucban Integrated School na binuo ng isandaan at pitumpu't limang (175) mga mag-aaral. Ang mananaliksik ay gumamit ng "Purposive Sampling Technique" sa pagtukoy sa magiging tagatugon. Ang mga talatanungan at pagsusulit ay ginamit at pinasagutan sa mga tagatugon upang makuha ang mga datos na kinailangan sap ag-aaral na ito

Lumabas sa pag-aaral ang resulta ng pananaliksik na ito na ang antas ng i-ekspres app bilang kagamitang panturo sa kasanayan sa paggamit ng mga bantas ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga banats ay may puna na napakahusay at may literal na paliwanag na napakakasiya-siya. Ipinakita rin sa resulta na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagganap batay sa kolaboratibong pagsulat at komprehensibong paglalahad. Samantala, walang makabuluhang epekto ang i-ekspres app bilang kagamitang panturo sa pagganap ng mga mag-aaral. Gayundin, lumabas din sa pag-aaral na walang makabuluhang epekto ang kasanayan sa paggamit ng mga bantas sa pagganap ng mga mag-aaral.

Lumabas sa resulta na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral. Samantala, hindi nagbigay ng makabuluhang epekto sa pagitan ng antas ng i-ekspres app bilang kagamitang panturo at ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral, gayundin sa pagitan ng antas ng kasanayan sa paggamit ng bantas at ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral. Batay sa resulta ay makikitang hindi naging ganap ang kabisaan ng ginamit na kagamitang panturo. Subalit, maaari pa rin itong gamitin bilang kagamitang panturo sa Filipino.

Matapos ang pag-aaral at pagsusuri sa mga natuklasan, iminumungkahi ng mananaliksik sa mga mag-aaral na gamitin ang i-ekspres app sa paglinang ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas. Hinihikayat ang mga guro na gamitin ang kagamitang pabturong ito at ipagamit ito sa mga mag-aaral. Iminumungkahi ng mananaliksik sa administrasyon ng paaaralan na suportahan ang mga guro sa paglikha ng mga kagamitang panturo na may kinalaman sa teknolohiya upang makuha ang kawilihan ng mga mag-aaral sa pag-aaral. Para naman sa mga susunod na mananaliksik, iminumungkahi na gawing batayn ang pag-aaral na ito at maging direksyon sa mas malalim pang pag-aaral kaugnay sa larangan ng pagsulat.

SUSING SALITA: : *I-Ekspres App; kagamitang panturo; kasanayan at pagganap*

1. PANIMULA

Ang iba't ibang mga bantas ay mahalagang sangkap ng wikang Filipino. Hindi lang ang wastong gamit ng mga salita at tamang baybay ang kailangang isaalang-alang sa pagsulat kundi maging ang wastong paggamit ng mga bantas sapagkat ang mga bantas ay may malaking epekto sa mensahe. Higit na mapagbubuti ang pasulat na pakikipagtalastasan kung bibigyan ng diin ang paggamit ng wastong mga bantas. Ayon kina Dominggo at Sajor (2019), naipararating ang kahulugan ng menashe ng isang pangungusap sa pamamagitan ng tamang gamit ng mga bantas.

Sa asignaturang Filipino, isa sa itinuturo sa mga mag-aaral ang iba't ibang uri ng mga bantas sa wikang Filipino, maging ang wastong paggamit sa mga ito. Ang bantas ay kailangang matutunan para sa malinaw na pagpapahayag. Ayon sa Komisyon ng Wikang Filipino, nakasaad sa Ortograpiyang Pambansa (2014 Edisyon) na kailangan ang mga bantas para sa malinaw na pagpapahayag ng mga kaisipan, ang mga bantas ang naghihiwalay sa mga pahayag, parirala, at salita sa isang tiyak na layunin.

Ang mga bantas sa wikang Filipino ayon pa rin sa Ortograpiyang Pambansa (2014 Edisyon) ay tuldok (.), kuwit (,), tandang pananong (?), tandang padamdam (!), kudlit (‘), gitling (-), gatlang (—), tutuldok (:), tuldok-kuwit (;), panipi (“ ”), panaklong (()), at tutuldok-tuldok (…). Sa dami ng mga bantas na nabanggit, marami sa mga mag-aaral ay hindi alam o kulang ang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng mga bantas sa kabila ng lahat na ito ay naituro na sa kanila sa asignaturang Filipino. Ang hindi nila pagbibigay ng pansin sa mga bantas ay nagiging dahilan nang hindi nila pagkaunawa sa mga babasahin at panuto na ibinibigay sa kanila.

Ayon sa isinagawang pag-aaral ni Martin (2021), ang isa sa mga dahilan ng mahinang pagkaunawa ng maraming mga mag-aaral sa bantas ay dahil sa kawalan nila ng interes na pag-ukulan ng pansin ang paksang ito. Pinatutunayan ng pahayag na ito na talagang maraming mag-aaral ang hindi na pinapansin ang tamang paggamit nila sa mga bantas, dahil dito'y naaapektuhan ang kasanayan nila sa larangan ng pagsulat. Dagdag naman ni Cuevas (2021), marami sa mga mag-aaral ang hindi naisasaalang-alang ang wastong gamit ng mga salita at bantas na mahalagang sangkap sa pagsulat.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang nabanggit ay hindi lamang suliranin ng iilang paaralan kundi, ito'y suliranin ng halos lahat ng mga paaralan sa buong mundo. Katunayan, lumabas din sa naunang pag-aaral ng mananaliksik sa asignaturang Pagpaplanong Pangwika na ang kasanayan sa wastong gamit ng bantas ang isa sa may pinakamababang Mean Percentage Score (MPS) sa Filipino 8. Ito ang dahilan kung bakit ang mananaliksik ay bumuo ng isang mobile na aplikasyon tungkol sa iba't ibang gamit ng mga bantas

Sa panahong ito ng modernisasyon ay gumagamit ang guro ng teknolohiya para sa iba't ibang kagamitang panturo na makatutulong sa mga mag-aaral upang higit na matutuhan ng mga mag-aaral ang wastong gamit ng iba't ibang mga bantas. Sa paraang ito ay higit na mapupukaw ang interes ng mga mag-aaral at makapag-aaral sila kahit wala sila sa loob ng sili-aralan.

1.1 Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay sumasagot sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kamalayan sa i-ekspres app bilang kagamitang panturo sa paggamit ng bantas batay sa:
   - 1.1; Layunin;
   - 1.2; Nilalaman;
   - 1.3; Pagsasanay;
   - 1.4, Presentasyon; at
   - 1.5. Gamit?
2. Ano ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas batay sa:
   - 2.1; Pagsunod sa Panuto;
   - 2.2; Pag-unawa sa Binasang Teksto;
   - 2.3; Pagsulat ng Pangungusap; at
   - 2.4. Pagpapahayag ng Sariling Saloobin at Damdamin?
3. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa:
   - 3.1, Kolaboratibong Pagsulat; at
   - 3.2. Komprehensibong Paglalahad?
4. May makabuluhang pagkakaiba ba ang pagganap ng mga mag-aaral batay sa kolaboratibong pagsulat at komprehensibong paglalahad.
5. May makabuluhang epekto ba ang i-ekspres app bilang kagamitang panturo sa pagganap ng mga mag-aaral?
6. May makabuluhang epekto ba ang kasanayan sa paggamit ng bantas sa pagganap ng mga mag-aaral?
7. Anong planong gawain ang maaaring isagawa batay sa resulta ng pag-aaral?

2. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang disenyong na pananaliksik na ginamit sap ag-aaral ay deskriptibong pamamaraan o palarawang pananaliksik kung saan ang pag-aaral ay kinapalooban ng pagtatala, paglalarawan, pagpapakahulugan, pagsusuri at paghahambing sa layuning mailarawan ang sitwasyon at kondisyon sa paraang sistematiko at makatotohanan.

Ayon kay Aggarwal (2019), ang deskriptibong pananaliksik ay pangangalap ng impormasyon hinggil sa mga salik na kaugnay ng paksa ng pananaliksik. Ito ay ginagamit upang maipakita ang matibay na konklusyon sa hinuha sa pamamagitan ng ebidensya at pagpapatunay sa mga nakalap na impormasyon.

Sa pamamagitan ng deskriptibong paraan ng pananaliksik ay natukoy ang kabisaan ng i-ekspres app bilang kagamitang panturo sa Filipino 8. Nabatid ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa binuong kagamitang panturo, maging ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng iba't ibang mga bantas sa wikang Filipino. Nagamit ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa paggamit ng mga bantas sa pamamagitan ng kolaboratibong pagsulat at komprehensibong paglalahad.

3. PRESENTASYON, ANALISIS, AT INTERPRETASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng presentasyon, analisis, at interpretasyon ng mga datos. Ang bawat impormasyong nakuha ay inilahad nang maayos sa mga talahanayan batay sa pagkakasunod-sunod ng mga inilahad na suliranin.

Antas ng I-Ekspres App Bilang Kagamitang Panturo sa Paggamit ng Bantas

Ang mga bahagi ng *i-ekspres app* na siyang naging batayang simulain ng pananaliksik na ito ay ang layunin, nilalaman, pagsasanay, presentasyon, at gamit.

Ang mga sumusunod na mga talahanayan ay nagpapakita ng mga pahayag, *mean*, *standard deviation*, mga paliwanag, puna, at interpretasyon.

Sa ibaba ay makikita ang antas ng *i-ekspres app* bilang kagamitang panturo batay sa layunin nito.

Talahanayan 1

Antas ng I-Ekspres App Bilang Kagamitang Panturo sa Paggamit ng Bantas batay sa Layunin

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
Nakaangkla ang layunin sa MELCS ng K-to-12 curriculum.	4.79	0.43	Lubos na sumasang-ayon
Umaangkop ang layunin sa Outcome-Based Teaching Learning (OBTL)	4.82	0.42	Lubos na sumasang-ayon
Natatamo ang layunin sa tulong ng aplikasyon.	4.81	0.40	Lubos na sumasang-ayon
Nakakamit ang layunin sa loob ng itinakdang panahon.	4.77	0.43	Lubos na sumasang-ayon
Natitiyak ang layunin batay sa paksang-aralin.	4.75	0.44	Lubos na sumasang-ayon

Overall Mean: 4.79

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Standard Deviation: 0.29
Literal na paliwanag: Lubos na Katanggap-tanggap

Ang antas ng *i-ekspres app* batay sa bahagi ayon sa layunin ay tinuos sa nakalap na datos sa ginawang pag-aaral. Sa pananaw ng mga tagatugon, sa *lubos na katanggap-tanggap* na antas ng paggamit ng *i-ekspres app* batay sa bahagi ayon sa Layunin, *umaangkop ang layunin sa Outcome-Based Teaching Learning (OBTL) ng Filipino 8* ay nakakuha ng *(M=4.82, SD=0.42)* at *natatamo ang layunin sa tulong ng aplikasyon* ay mayroong *(M=4.81, SD=0.40).* Bagama't napansin na *lubos na katanggap-tanggap* ang antas ng paggamit ng *i-ekspres app*, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang *natitiyak ang layunin batay sa paksang-aralin* at mayroong *(M = 4.75, SD = 0.44).*

Ang Talahanayan 1 ay may kabuuang *mean* na 4.79, *standard deviation* na 0.29 at ipinakikita na ang antas ng *i-ekspres app* bilang kagamitang panturo batay sa Layunin ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubos na katanggap-tanggap. Batay sa resulta, makikitang lubos na katanggap-tanggap ang *i-ekspres app* sa bahagi nito ayon sa layunin.

Nilalaman ng Talahanayan 2 ang antas ng *i-ekspres app* bilang kagamitang panturo batay sa nilalaman nito.

Talahanayan 2
Antas ng I-Ekspres App Bilang Kagamitang Panturo sa Paggamit ng Bantas batay sa Nilalaman

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
Tumutugon sa Outcome-Based Teaching Learning (OBTL) ng Filipino 8 ang nilalaman ng aplikasyon.	4.99	0.11	Lubos na sumasang-ayon
Nakikita nang malinaw sa nilalaman ng aplikasyon ang wastong gamit ng mga bantas sa wikang Filipino.	4.96	0.22	Lubos na sumasang-ayon
Sumasapat ang nilalaman ng aplikasyon sa aralin kaugnay ng tamang gamit ng mga bantas.	4.95	0.24	Lubos na sumasang-ayon
Umaakma ang nilalaman ng aplikasyon sa antas ng talino ng mga mag-aaral sa ika-8 baitang.	4.98	0.13	Lubos na sumasang-ayon
Umaayon ang nilalaman ng aplikasyon sa inilahad na layunin.	4.99	0.08	Lubos na sumasang-ayon

Overall Mean: 4.98
Standard Deviation: 0.08
Literal na paliwanag: Lubos na Katangga-tanggap

Ang Talahanayan 2 ay nagsasaad ng antas ng *i-ekpres app* batay sa bahagi ayon sa nilalaman kung saan, ito ay may resultang *lubos na katanggap-tanggap*, ang pahayag na may pinakamataas na marka ay *umaayon ang nilalaman ng aplikasyon sa inilahad na layunin* ay nakakuha ng (M = 4.99, SD = 0.08) at *tumutugon sa Outcome-Based Teaching Learning (OBTL) ng Filipino 8 ang nilalaman ng aplikasyon* ay mayroong (M = 4.99, SD = 0. 11). Bagama't napansin na lubos na katanggap-tanggap ang antas ng paggamit sa *i-ekspres app* batay sa nilalaman, ang pahayag na may pinakamababang marka ay *sumasapat ang nilalaman ng aplikasyon sa aralin kaugnay ng tamang gamit ng mga bantas* na mayroong (M = 4.95, SD = 0.24).

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita na ang nilalaman ng *i-ekspres app* ay may kabuuang *mean* na 4.98 at *standard deviation* na 0.08. Ipinakikita na ang antas ng *i-ekspres app* batay sa bahagi ayon sa nilalaman ay may puna na *lubos na sumasang-ayon* at literal na paliwanag na *lubos na katanggap-tanggap*.

Sa Talahanayan 3 ay makikita ang antas ng *i-ekspres app* bilang kagamitang panturo batay sa pagsasanay nito.

Talahanayan 3
Antas ng I-Ekspres App Bilang Kagamitang Panturo sa Paggamit ng Bantas batay sa Pagsasanay

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
Nauunawaan nang malinaw ang mga panuto sa bawat pagsasanay.	4.62	0.63	Lubos na sumasang-ayon
Nasasagot ang mga tanong sa pagsasanay batay sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral.	4.63	0.55	Lubos na sumasang-ayon
Nakapupukaw ng atensyon ang estilo ng pagsasanay sa aplikasyon.	4.79	0.50	Lubos na sumasang-ayon
Sumasabay sa pangangailangan ng asignatura ang mga tanong sa pagsasanay	4.77	0.42	Lubos na sumasang-ayon
Nahahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng bantas sa tulong ng mga tanong sa pagsasanay.	4.75	0.47	Lubos na sumasang-ayon

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Overall Mean: 4.71
Standard Deviation: 0.38
Literal na paliwanag: Lubos na Katanggap-tanggap

Sa Talahanayan 3 ay makikita ang kinalabasan ng antas ng *i-ekpres app* batay sa bahagi ayon sa pagsasanay kung saan, ito ay may resultang lubos na katanggap-tanggap. Ang pahayag na may pinakamataas na marka ay *nakapupukaw ng atensyon ang estilo ng pagsasanay sa aplikasyon na* nakakuha ng (M = 4.79, SD = 0.50) at ang pahayag na *sumasabay sa pangangailangan ng asignatura ang mga tanong sa pagsasanay* na mayroong (M = 4.77, SD = 0.42) .Bagama't napansin na lubos na katanggap-tanggap ang antas ng paggamit sa *i-ekspres app* batay sa pagsasanay, ang pahayag na may pinakamababang marka ay *nauunawaan nang malinaw ang mga panuto sa bawat pagsasanay* na may (M = 4.62, SD = 0.63).

Ang pagsasanay sa *i-ekspres app* ay may kabuuang *mean* na 4.71 at *standard deviation* na 0.38. Ipinakikita na ang antas ng *i-ekspres app* batay sa bahagi ayon sa pagsasanay ay may puna na *lubos na sumasang-ayon* at literal na paliwanag na *lubos na katanggap-tanggap*.
Malinaw na ipinakikita sa Talahanayan 4 ang antas ng *i-ekspres app* bilang kagamitang panturo ayon sa presentasyon nito.

Talahanayan 4
Antas ng I-Ekspres App Bilang Kagamitang Panturo sa Paggamit ng Bantas batay sa Presentasyon

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
Nababasa nang malinaw ang mga salitang nakasulat sa aplikasyon.	4.83	0.37	Lubos na sumasang-ayon
Nakapupukaw ng interes ang mga grapiko at larawan sa aplikasyon.	4.69	0.52	Lubos na sumasang-ayon
Nakawiwili ang effects at mga tunog na ginamit sa aplikasyon.	4.66	0.55	Lubos na sumasang-ayon
Nakahihikayat ang presentasyon ng aralin sa aplikasyon.	4.70	0.50	Lubos na sumasang-ayon
Hindi nakapagdudulot ng kalituhan ang kabuuang presesntasyon ng aplikasyon.	4.61	0.55	Lubos na sumasang-ayon

Overall Mean: 4.70
Standard Deviation: 0.36
Literal na paliwanag: Lubos na Katanggap-tanggap

Ang Talahanayan 4 ay naglalahad ng resulta ng antas ng *i-ekpres app* batay sa bahagi ayon sa presentasyon kung saan, ito ay may resultang lubos na katanggap-tanggap. Ang pahayag na may pinakamataas na marka ay *nababasa nang malinaw ang mga salitang nakasulat sa aplikasyon* (M = 4.83, SD = 0.37) at ang pahayag na *nakahihikayat ang presentasyon ng aralin sa aplikasyon* na mayroong (M = 4.70, SD = 0.50). Bagama't napansin na lubos na katanggap-tanggap ang antas ng paggamit sa *i-ekspres app* batay sa presentasyon, ang pahayag na may pinakamababang marka ay *hindi nakapagdudulot ng kalituhan ang kabuuang presentasyon ng aplikasyon* na may (M = 4.62, SD = 0.63).

Ang presentasyon ng *i-ekspres app* ay may kabuuang *mean* na 4.70 at *standard deviation* na 0.36. Ipinakikita na ang antas ng *i-ekspres app* batay sa bahagi ayon sa presentasyon ay may puna na *lubos na sumasang-ayon* at literal na paliwanag na *lubos na katanggap-tanggap*.
Ipinakikita sa Talahanayan 5 ang antas ng *i-ekspres app* bilang kagamitang panturo ayon sa gamit nito.

Talahanayan 5
Antas ng I-Ekspres App Bilang Kagamitang Panturo sa Paggamit ng Bantas batay sa Gamit

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
Nagagamit nang mabilis ng mga mag-aaral ang aplikasyon dahil hindi ito nangangailangan ng internet connection.	4.69	0.57	Lubos na sumasang-ayon
Napakikinabangan ang aplikasyon sa face-to-face at distance learning.	4.73	0.48	Lubos na sumasang-ayon
Nakagagana sa pag-aaral ang paggamit ng aplikasyon.	4.71	0.52	Lubos na sumasang-ayon
Nauunawaang mabuti ng mga mag-aaral ang aralin sa pamamagitan ng paggamit ng aplikasyon.	4.59	0.49	Lubos na sumasang-ayon
Napauunlad ng paggamit ng aplikasyon ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng tamang bantas.	4.73	0.45	Lubos na sumasang-ayon

Overall Mean: 4.69
Standard Deviation: 0.33
Literal na paliwanag: Lubos na Katanggap-tanggap

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ipinakikita sa Talahanayan 5 ang antas ng *i-ekpres app* batay sa bahagi ayon sa Gamit kung saan, ito ay may resultang lubos na katanggap-tanggap. Ang pahayag na may pinakamataas na marka ay *napakikinabangan ang aplikasyon sa face-to-face at distance learning.* (M = 4.73, SD = 0.48) at ang pahayag na *napauunlad ng paggamit ng aplikasyon ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng tamang bantas* na mayroong (M = 4.73, SD = 0.45). Bagaman napansin na lubos na katanggap-tanggap ang antas ng paggamit sa *i-ekspres app* batay sa presentasyon, ang pahayag na may pinakamababang marka ay *nauunawaang mabuti ng mga mag-aaral ang aralin sa pamamagitan ng paggamit ng aplikasyon* na may (M = 4.59, SD = 0.49).

Ang Gamit ng *i-ekspres app* ay may kabuuang *mean* na 4.69 at *standard deviation* na 0.33. Ipinakikita na ang antas ng *i-ekspres app* batay sa bahagi ayon sa gamit ay may puna na *lubos na sumasang-ayon* at literal na paliwanag na *lubos na katanggap-tanggap*.

Antas ng Kasanayan sa Paggamit ng mga Bantas

Ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas ay makikita sa pagsunod sa panuto, pag-unawa sa binasa, pagsulat ng pangungusap, at pagpapahayag ng sariling saloobin at damdamin.

Ang mga sumusunod na mga talahanayan ay nagpapakita ng mga pahayag, *mean*, *standard deviation*, mga paliwanag, puna, at interpretasyon.

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas batay sa pagsunod sa panuto.

Talahanayan 6

Antas ng Kasanayan sa Paggamit ng mga Bantas batay sa Pagsunod sa Panuto

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
Nasusuri ang pelikula at akdang binasa gamit ang tree analysis.	4.85	0.36	Lubos na sumasang-ayon
Naisasaalang-alang ang rubrik sa pagsusuri ng pelikula at akdang binasa.	4.82	0.38	Lubos na sumasang-ayon
Naihahambing ang sariling pamilya sa pamilyang napanood sa pelikula.	4.76	0.45	Lubos na sumasang-ayon
Nabibigyang-pansin ang rubrik sa pagsulat ng talata.	4.86	0.35	Lubos na sumasang-ayon
Nasusunod ang mga panuto sa bawat gawaing itinakda.	4.93	0.25	Lubos na sumasang-ayon
Overall Mean: 4.84			
Standard Deviation: 0.22			
Literal na paliwanag: Lubos na Katanggap-tanggap			

Ang Talahanayan 6 ay nagsasaad ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas batay sa pagsunod sa panuto kung saan, ito ay may resultang *lubos na katanggap-tanggap*, ang pahayag na may pinakamataas na marka ay *nasusunod ang mga panuto sa bawat gawaing itinakda* ay nakakuha ng (M = 4.93, SD = 0.25) at *nabibigyang-pansin ang rubrik sa pagsulat ng talata* ay mayroong (M = 4.86, SD = 0. 35). Bagama't napansin na lubos na katanggap-tanggap ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas batay sa pagsunod panuto, ang pahayag na may pinakamababang marka ay *naihahambing ang sariling pamilya sa pamilyang napanood sa pelikula* na mayroong (M = 4.76, SD = 0.45).

Ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas batay sa pagsunod sa panuto ay may kabuuang *mean* na 4.84 at *standard deviation* na 0.22. Ipinakikita na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas batay sa pagsunod sa panuto ay may puna na *lubos na sumasang-ayon* at literal na paliwanag na *lubos na katanggap-tanggap*. Pinatutunayan ng resulta na ang mga mag-aaral ay nakasusunod sa panuto sa pamamagitan ng kanilang kasanayan sa paggamit ng mga bantas.

Sa Talahanayan 7 ay makikita ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas batay sa pag-unawa sa binasa.

Talahanayan 7

Antas ng Kasanayan sa Paggamit ng mga Bantas batay sa Pag-unawa sa Binasang Teksto

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
Naaanalisa ang mga pangyayari sa akdang binasa.	4.91	0.29	Lubos na sumasang-ayon
Naipakikilala ang mga tauhan sa akda.	4.82	0.43	Lubos na sumasang-ayon
Nailalarawan ang mga tagpuan sa akda.	4.82	0.40	Lubos na sumasang-ayon
Natutukoy ang paksa at layunin ng akda.	4.91	0.29	Lubos na sumasang-ayon
Naiuugnay ang akda sa isang pelikula.	4.96	0.20	Lubos na sumasang-ayon
Overall Mean: 4.88			
Standard Deviation: 0.21			
Literal na paliwanag: Lubos na Katanggap-tanggap			

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sa Talahanayan 7 ay makikita ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas batay sa pag-unawa sa binasang teksto kung saan, ito ay may resultang *lubos na katanggap-tanggap*, ang pahayag na may pinakamataas na marka ay *naiuugnay ang akda sa isang pelikula* ay nakakuha ng (M = 4.96, SD = 0.20) at *naaanalisa ang mga pangyayari sa akdang binasa* ay mayroong (M = 4.91, SD = 0. 21). Bagama't napansin na lubos na katanggap-tanggap ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit sa ng mga bantas batay sa pag-unawa sa binasang teksto, ang pahayag na may pinakamababang marka ay *naipakikilala ang mga tauhan sa akda* na mayroong (M = 4.82, SD = 0.43) at ang pahayag na *nailalarawan ang mga tagpuan sa akda* na mayroon (M = 4.82, SD = 0.40).

Ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng bantas batay sa pag-unawa sa binasa ay may kabuuang *mean* na 4.88 at *standard deviation* na 0.21. Ipinakikita na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng bantas batay sa pag-unawa sa binasa ay may puna na *lubos na sumasang-ayon* at literal na paliwanag na *lubos na katanggap-tanggap* sa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas ay daan upang lubos na maunawaan ang mga tekstong binabasa.

Nilalaman ng Talahanayan 8 ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas batay sa pagsulat ng pangungusap.

Talahanayan 8

Antas ng Kasanayan sa Paggamit ng mga Bantas batay sa Pagsulat ng Pangungusap

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
Nakasusulat ng pangungusap nang may tamang mga bantas.	4.94	0.24	Lubos na sumasang-ayon
Nakabubuo ng mga makabuluhang pangungusap.	4.81	0.39	Lubos na sumasang-ayon
Naihahatid nang malinaw ang mensahe ng bawat pangungusap.	4.83	0.37	Lubos na sumasang-ayon
Naipakikita ang ginawang pagsusuri sa pamamagitan ng maayos na pagsulat ng mga pangungusap.	4.91	0.28	Lubos na sumasang-ayon
Nakagagawa ng isang suring pelikula sa pamamagitan ng mga tumpak na pangungusap.	4.94	0.24	Lubos na sumasang-ayon

Overall Mean: 4.89
Standard Deviation: 0.18
Literal na paliwanag: Lubos na Katanggap-tanggap

Makikita sa Talahanayan 8 ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas batay sa pagsulat ng pangungusap kung saan, ito ay may resultang *lubos na katanggap-tanggap*, ang pahayag na may pinakamataas na marka ay *nakasusulat ng pangungusap nang may tamang mga bantas* ay nakakuha ng (M = 4.94, SD = 0.24) at ang pahayag na *nakagagawa ng isang suring pelikula sa pamamagitan ng mga tumpak na pangungusap* na mayroong (M = 4.99, SD = 0. 11). Bagama't napansin na lubos na katanggap-tanggap ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas batay sa pagsulat ng pangungusap, ang pahayag na may pinakamababang marka ay *nakabubuo ng mga makabuluhang pangungusap* na mayroong (M = 4.91, SD = 0.28).

Ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas batay sa pagsulat ng pangungusap ay may kabuuang *mean* na 4.89 at *standard deviation* na 0.18. Ipinakikita na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas batay sa pagsulat ng pangungusap ay may puna na *lubos na sumasang-ayon* at literal na paliwanag na *lubos na katanggap-tanggap*. Pinatutunayan ng resulta na kailangan ang kasanayan sa paggamit ng mga bantas upang makasulat ng mga pangungusap.

Ang Talahanayan 9 ay nagpapakita ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng bantas batay sa pahpapahayag ng sariling saloobin at damdamin.

Talahanayan 9

Antas ng Kasanayan sa Paggamit ng mga Bantas batay sa Pagpapahayag ng Sariling Saloobin at Damdamin

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
Nailalahad ang sariling saloobin sa pamamagitan ng pagsulat ng talata.	4.97	0.17	Lubos na sumasang-ayon
Naipahahayag ang damdamin nang komprehensibo.	4.80	0.40	Lubos na sumasang-ayon
Naibabahagi sa iba ang sariling saloobin at damdamin kaugnay sa usaping pamilya.	4.92	0.27	Lubos na sumasang-ayon
Nakapagbibigay ng mga ideya kaugnay ng paksa.	4.95	0.21	Lubos na sumasang-ayon
Naiuugnay ang sariling saloobin at damdamin sa mga tauhan sa pelikula.	5.00	0.00	Lubos na sumasang-ayon

Overall Mean: 4.93
Standard Deviation: 0.14
Literal na paliwanag: Lubos na Katanggap-tanggap

Isinasaad ng Talahanayan 9 ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas batay sa pagpapahayag ng sariling saloobin at damdamin kung saan, ito ay may resultang *lubos na katanggap-tanggap*, ang pahayag na may

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pinakamataas na marka ay *naiuugnay ang sariling saloobin at damdamin sa mga tauhan sa pelikula* ay nakakuha ng (M = 5.00, SD = 0.00) at *nailalahad ang sariling saloobin sa pamamagitan ng pagsulat ng talata* ay mayroong (M = 4.97, SD = 0. 17). Bagama't napansin na lubos na katanggap-tanggap ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagamit ng mga bantas batay sa pagpapahayag ng sariling saloobin at damdamin, ang pahayag na may pinakamababang marka ay *naipahahayag ang damdamin nang komprehensibo* na mayroong (M = 4.80, SD = 0.40).

Ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas batay sa pagpapahayag ng sariling saloobin at damdamin ay may kabuuang *mean* na 4.93 at *standard deviation* na 0.14. Ipinakikita na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagamit ng mga bantas batay sa pagpapahayag ng sariling saloobin at damdamin ay may puna na *lubos na sumasang-ayon* at literal na paliwanag na *lubos na katanggap-tanggap*. Pinatutunayan ng resulta na kailangan ng mga mag-aaral ang kasanayan sa paggamit ng mga bantas upang maipahayag ang sariling saloobin at damdamin.

Antas ng Pagganap ng mga mag-aaral

Bahagi ng pagganap ng mga mag-aaral ang kolaboratibong pagsulat at komprehensibong paglalahad.

Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng marka, kabuoang bilang, bahagdan, at mapaglarawang katumbas ng bawat isa.
Makikita ang resulta ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa kolaboratibong pagsulat at komprehensibong paglalahad matapos na gamitin ang *i-ekspres app*.

Ang kasunod na talahanayan ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa kolaboratibong pagsulat.

Talahanayan 10

Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Kolaboratibong Pagsulat

Marka	Kabuoan	Bahagdan	Mapaglarawang Katumbas
17-20	44	88.57	Napakahusay
13-16	131	11.43	Mahusay
9-12	0	0.00	Katamtaman
5-8	0	0.00	Mahina
1-4	0	0.00	Napakahina
Kalahatan	**175**	**100**	
Weighted Mean		***18.25***	
Pinakamababang Marka		***16***	Napakakasiya-siya
Pinakamataas na marka		***20***	
Standard Deviation		***1.36***	

Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa kolaboratibong pagsulat, sa kabuoang isandaan at pitumpu't limang (175) tagatugon, ang marka na *"16 – 19*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na isang daan at tatlumpu't isa (131) o 74.86% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Mahusay***.** Habang ang marka na *"20"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na apatnpu't apat (44) o 25.14% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Napakahusay*.

Ang Talahanayan 10 ay may kabuoang *(Weighted Mean = 18.25, SD = 1.36)* at *(pinakamababang marka = 16, pinakamataas na marka = 20),* ipinakikita na ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Kolaboratibong Pagsulat ay may mapaglarawang katumbas na *Mahusay* at may literal na paliwanag na *Napakakasiya-siya*. Batay sa naging resulta, makikita sa pagganap ng mga mag-aaral na malaki ang naitulong ng paggamit ng *i-ekspres app*.

Ang Talahanayan 11 ay naglalaman ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa komprehensibong paglalahad.

Talahanayan 11

Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Komprehensibong Paglalahad

Marka	Kabuoan	Bahagdan	Mapaglarawang Katumbas
17-20	25	84.00	Napakahusay
13-16	143	14.86	Mahusay
9-12	5	1.14	Katamtaman
5-8	2	0.00	Mahina
1-4	0	0.00	Napakahina
Kalahatan	**175**	**100**	
Weighted Mean		***17.75***	

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Pinakamababang Marka	***10***	Napakakasiya-siya
Pinakamataas na marka	***20***	
Standard Deviation	***1.61***	

Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa komprehensibong paglalahad, sa kabuoang isandaan at pitumpu't limang (175) tagatugon, ang marka na *"16 - 19*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na isang daan at apanapu at tatlo (143) o 81.71% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Mahusay***.** At ang marka na *"20"* ay mayroong bilang na dalawampu at lima (25) o 14.29% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Napakahusay***.** Habang ang marka na *"8 to 11"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na dalawa (2) o 1.14% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Mahina*.

Ang Talahanayan 11 ay may kabuoang *(Weighted Mean = 17.75, SD = 1.61)* at *(pinakamababang marka = 10, pinakamataas na marka = 20)* ipinakikita na ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Komprehensibong Paglalahad ay may mapaglarawang katumbas na *Mahusay* at may literal na paliwanag na *Napakakasiya-siya*. Ang resulta ay nagpapatunay na malaki ang naging papel ng *i-ekspres app* sa pagganap ng mga mag-aaral sa komprehensibong paglalahad.

Makabuluhang Pagkakaiba ng Pagganap ng mga Mag-aaral

Sinusukat sa pag-aaral na itoi kung may makabuluhang pagkakaiba ang pagganap ng mga mag-aaral batay sa kolaboratibong pagsulat at komprehensibong paglalahad.

Ang Talahanayan 12 ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kolaboratibong pagsulat at komprehensibong paglalahad.

Talahanayan 12

Makabuluhang Pagkakaiba ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Kolaboratibong Pagsulat at Komprehensibong Paglalahad

Pagganap	***Mean***	***Computed t-value***	***Critical t-value***	***p-value***	**Analisis**
Kolaboratibong Pagsulat	18.25	3.1464	1.6537	0.001	Makabuluhan
Komprehensibong Paglalahad	17.75				

Makikita sa talahanayan ang pagkakaiba ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kolaboratibong pagsulat at komprehensibong paglalahad. Ang datos ay tinuos gamit ang *t-test*. Ang kolaboratibong pagsulat ay ipinares sa komprehensibong paglalahad para makita at malaman ang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa mga ito.

Ang *computed t-value* na 3.1464 ay higit na mataas sa *critical t-value* na 1.6537 na mayroong suportang tinuos *p-value* na 0.001, ipinakikita ng datos na may pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral at ang analisis ay *makabuluhan*.

Base sa datos na nakalap, ipinakikita nito na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kolaboratibong pagsulat at komprehensibong paglalahad at 0.05 antas ng kabuluhan. Ipinakikita din nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa Kolaboratibong Pagsulat at Komprehensibong Paglalahad*" ay huwag tanggapin, ipinakikita nito na may pagkakaiba sa pagitan nila.

Makabuluhang Epekto ng I-Ekspres App Bilang Kagamitang Panturo sa Pagganap ng mga Mag-aaral

Sa Talahanayan 13 ay makikita kung may makabuluhang epekto ang i-ekspres app bilang kagamitang panturo sa pagganap ng mga mag-aaral.

Talahanayan 13

Makabuluhang Epekto ng I-Ekspres App Bilang Kagamitang Panturo sa Pagganap ng mga Mag-aaral

I-Ekspres Bilang Kagamitang Panturo	**Pagganap ng mga Mag-aaral**	**Beta Coefficient**	**t-stat**	**p-value**	**Analisis**
1. Layunin	Kolaboratibong Pagsulat	0.077	0.932	0.352	Hindi Makabuluhan
	Komprehensibong Paglalahad	-0.012	-0.112	0.911	Hindi Makabuluhan
2. Nilalaman	Kolaboratibong Pagsulat	0.056	0.177	0.859	Hindi Makabuluhan
	Komprehensibong Paglalahad	-0.394	-1.366	0.174	Hindi Makabuluhan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

3. Pagsasanay	Kolaboratibong Pagsulat	-0.040	-0.492	0.623	Hindi Makabuluhan
	Komprehensibong Paglalahad	0.003	0.039	0.969	Hindi Makabuluhan
4. Presentasyon	Kolaboratibong Pagsulat	0.033	0.500	0.617	Hindi Makabuluhan
	Komprehensibong Paglalahad	0.068	0.794	0.428	Hindi Makabuluhan
5. Gamit	Kolaboratibong Pagsulat	0.0176	0.468	0.641	Hindi Makabuluhan
	Komprehensibong Paglalahad	0.057	1.202	0.230	Hindi Makabuluhan

Ipinakikita ng Talahanayan 13 ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto ng *i-ekpres app* bilang kagamitang panturo sa pagganap ng mga mag-aaral sa kolaboratibong pagsulat at komprehensibong paglalahad. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag na higit na mataas sa 0.05 ang p-value na may analisis na "hindi makabuluhan."

Base sa datos na nakalap, ipinakikita nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang* epekto *ang i-ekpres app bilang kagamitang panturo sa pagganap ng mga mag-aaaral*" ay tanggapin, ipinakikita nito na walang makabuluhang epekto sa pagitan nila.

Makabuluhang Epekto ng Kasanayan sa Paggamit ng Bantas sa Pagganap ng mga Mag-aaral

Makikita sa kasunod na talahanayan kung may makabuluhang epekto ang kasanayan sa paggamit ng bantas sa pagganap ng mga mag-aaral.

Talahanayan 14

Makabuluhang Epekto ng Kasanayan sa Paggamit ng Bantas sa Pagganap ng mga Mag-aaral

Kasanayan sa Paggamit ng Bantas	Pagganap ng mga Mag-aaral	Beta Coefficient	t-stat	p-value	Analisis
1. Pagsunod sa Panuto	Kolaboratibong Pagsulat	-0.163	-1.467	0.144	Hindi Makabuluhan
	Komprehensibong Paglalahad	-0.233	-1.640	0.103	Hindi Makabuluhan
2. Pag-unawa sa Binasa	Kolaboratibong Pagsulat	-0.205	-1.768	0.079	Hindi Makabuluhan
	Komprehensibong Paglalahad	-0.281	-1.899	0.059	Hindi Makabuluhan
3. Pagsulat ng Pangungusap	Kolaboratibong Pagsulat	-0.196	-1.438	0.152	Hindi Makabuluhan
	Komprehensibong Paglalahad	-0.036	-0.205	0.838	Hindi Makabuluhan
4. Pagpapahayag ng Saloobin at Damdamin	Kolaboratibong Pagsulat	0.002	0.065	0.948	Hindi Makabuluhan
	Komprehensibong Paglalahad	0.071	1.356	0.177	Hindi Makabuluhan

Ipinakikita ng Talahanayan 14 ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto ng kasanayan sa paggamit ng bantas sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag na higit na mataas sa 0.05 ang p-value na may analisis na "hindi makabuluhan."

Batay sa datos na nakalap, ipinakikita nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang* epekto *ang kasanayan sa paggamit ng bantas sa pagganap ng mga mag-aaaral*" ay tanggapin, ipinakikita nito na walang makabuluhang epekto sa pagitan nila.

Sa kabuuan, ay lumabas sa resulta ng isinagawang pag-aaral na ang *i-ekspres app* bilang kagamitang panturo ayon sa layunin, nilalaman, pagsasanay, presentasyon, at gamit nito ay tinanggap ng mga mag-aaral. Makikita rin na ito ay nakatulong sa mga mag-aaral upang magkaroon ng malalim na kaalaman sa paggamit ng mga bantas. Dahil dito ay tumaas ang kanilang marka sa kanilang mga pagganap sa loob ng silid-aralan tulad ng kolaboratibong pagsulat at komprehensibong paglalahad.

Pagpaplanong Gawain na Maaaring Isagawa Batay sa Resulta ng Pag-aaral

Sa Talahanayan 15 ay makikita ang pagpaplanong gawain ma maaaring isagawa batay sa naging resulta ng pag-aaral.

Talahanayan 15

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Pagpaplanong Gawain na Maaaring Isagawa Batay sa Resulta ng Pag-aaral

Layunin	Estratehiya/ Aktibiti	Kasangkot	Inaasahang Bunga
Matalakay ang layunin ng pagbuo ng *i-ekspres app* at ang kahalagahan ng paggamit nito.	Pagsasagawa ng seminar at workshop kaugnay ng *i-ekspres app* bilang kagamitang panturo.	Ulongguro at mga guro sa departamento ng Filipino	Magamit nang tama ang *i-ekspres app* sa pagtalakay ng mga bantas at tamang paggamit sa mga ito.
Matukoy ang mga dahilan ng kalituhan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas sa wikang Filipino.	Pagsasagawa ng *pre-test* at *post-test*.	Ulongguro at mga guro sa departamento ng Filipino, mga mag-aaral	Masolusyunan ang suliranin ng mga mag-aaral sa tamang paggamit ng mga bantas.
Mapaunlad ang kasanayan ng mga mga mag-aaral sa paggamit nang tama sa mga bantas sa tulong ng *i-ekspres app*.	Paggamit ng *i-ekspres app* bilang kagamitang panturo sa Filipino.	Mga guro sa Filipino at mga mag-aaral	Tumaas ang marka ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, kinakailangan ang pagpaplanong gawain upang patuloy na magamit ang kagamitang panturo, ang *i-ekpres app* sa ikauunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas sa wikang Filipino.

4. Konklusyon at Rekomendasyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo:

1. Ang haypotesis na "Walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kolaboratibong pagsulat at komprehensibong paglalahad" ay huwag tanggapin sapagkat ipinakikita na may makabuluhang kaugnayan sa pagitan nila.

   Ipinakikita nito na may pagkakaiba ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kolaboratibong pagsulat at komprehensibong paglalahad. Higit na nakapagsusulat nang mahusay ang mga mag-aaral kung ito ay kolaboratibo o pangkatan. Gayunpaman, kailangan ding pagtuunan ng pansin ang pagganap ng mga mag-aaral sa komprehensibong paglalahad.
2. Ang haypotesis naman na "Walang makabuluhang epekto ang i-ekpres app bilang kagamitang panturo sa pagganap ng mga mag-aaral" ay tanggapin, ipinakikita nito na walang epekto sa pagitan nila.

   Nangangahulugan ito na walang naging epekto ang kagamitang panturo sa naging pagganap ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang i-ekspres app ay maaari pa ring gamitin bilang pantulong na kagamitang panturo.
3. Ang haypotesis na "Walang makabuluhang epekto ang kasanayan sa paggamit ng bantas sa pagganap ng mga mag-aaral" ay tanggapin, ipinakikita nito na walang epekto sa pagitan nila.

   Ipinakikita nito na walang makabuluhang epekto sa pagitan nila. Subalit nagkaroon ng mataas na marka ang mga mag-aaral sa kanilang mga pagganap.

Hango sa kinalabasan at konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Sa mga mag-aaral, maaaring gamitin ang i-ekspres app sa paglinang ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas sa Wikang Filipino.
2. Sa mga guro, maaaring gamitin ang i-ekspres app bilang kagamitang panturo at maaari din itong ipagamit sa mga mag-aaral upang malinang ang kanilang kasanayan sa paggamit ng mga bantas sa Wikang Filipino.
3. Sa administrasyon ng paaralan, suportahan at hikayatin ang mga guro sa paglikha ng mga panteknolohiyang kagamitang panturo na higit na makatutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga aralin na siyang magpapataas sa mean percentage score (MPS) sa iba't ibang asignatura at upang mabigyan ng solusyon ang suliranin sa mahinang pagganap ng mga mag-aaral.

TALASANGGUNIAN

1. *Dominggo J., Sajor S. (2019). "Kaalaman ng mga Mag-aaral ng San Jose City National High School sa Wastong Paggamit ng Bantas sa Social Media"*
2. *Komisyon ng Wikang Filipino (2014). Ortograpiyang Pambansa (2014 Edisyon). Komisyon sa Wikang Filipino*
3. *Martin, F. (2021). Design Matters: Development and Validation of the Online Course Design Elements (OCDE) Instrument. International Review of Research in Open and Distributed Learning Volume 22. Number 2*
4. *Cuevas, J. (2021). "Interaktibong Elektronikong Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino at Kasanayan sa Pagsulat ng Maikling Kuwento"*
5. *Aggarwal, R. (2019). Perspectives in Clinical research. Retrieved from https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC6371702/*